



May Mga Pagbabago sa Inyong Bill sa Abril 2022

Nasa panahon pa rin ng tagtuyot (drought) ang Bay Area. Dahil dito, nagdeklara ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ng Water Shortage Emergency noong Nobyembre 2021.

- Bilang bahagi ng Deklarasyon, hiniling namin sa aming mga retail customer na pababain nila ang konsumo sa tubig nang 5% kumpara sa konsumo ng tubig mula Hulyo 2019 hanggang Hunyo 2020.
- Pasisimulan din ng Water Shortage Emergency Declaration ang isang 5% drought surcharge na makikita ng mga retail customer sa kanilang mga bill simula sa Abril 1, 2022.
- Kung mas kaunti ang tubig na magagamit ng aming mga customer, mas hindi nila mararamdaman ang epekto ng drought surcharge. Narito kami para tumulong sa inyo sa pagtitipid sa tubig.
- Makikita rito ang mga payo, mapagkukunan ng tulong at impormasyon, at rebate dito: sfpuc.org/SaveWater.

Ano ang drought surcharge?

Isa itong pansamantalang karagdagang bayarin sa aming mga retail customer para masagot ang mga gastos sa operasyon dahil bumababa ang konsumo at kita sa tubig kapag may tagtuyot.

Pareho lamang ang gastusin sa operasyon ng aming mga sistema gaano man karami ang tubig na maideliber namin o maprosesong wastewater. Naitakda ang laki ng drought surcharge para masagot ang pagbaba ng aming kita para makapagpatuloy ang operasyon namin at mapanatili ang aming mga sistema.

Paano ito ipinapataw?

Makikita ng mga retail customer ng SFPUC ang 5% na singil bilang line item sa bahaging volumetric ng kanilang mga bill sa tubig at wastewater. Pero habang bumababa ang konsumo sa tubig ng customer, mas kaunti ang epekto ng drought surcharge. Alamin ang higit pa sa sfpuc.org/SaveWater.

Kasama ba ang mga Customer Assistance Program?

Nagbibigay ang mga Customer Assistance Program (CAP) ng 25% diskuwento sa bill sa Tubig at 25% diskuwento sa Wastewater para sa mga residential customer. Mailalapat ang diskuwento ng CAP sa buong bill ng customer at mailalapat din sa mga bill ng customer kapag naipasok na ang drought surcharge.

Bakit kailangan ito?

Unang hakbang ang Deklarasyon ng isang Water Shortage Emergency para sa pakikipagtulungan sa mga tagapamahala ng Estado at masigurado ang sustainable na supply ng tubig para sa aming mga customer kung sakaling magpatuloy ang tagtuyot.

Alam naming mahalaga ang bawat dolyar na ibinabayad ng customer at sineseryoso talaga namin ang obligasyon na panatiliing mababa ang aming singil hangga't kaya. Kailangan itong drought

surcharge para masagot ang aming mga gastusin at mapanatili ang responsableng antas ng reserba sa pinansiya.

Nakagastos na ang SFPUC ng malaking bahagi ng reserba sa pinansiya sa nakaraang mga taon para matulungan ang aming mga customer sa panahon ng pandemya ng COVID-19, na humantong sa pagkalugi ng mahigit sa \$48 milyon sa kita sa tubig at wastewater mula Hulyo 2020 hanggang Hunyo 30, 2021.

Mayroon na tayong mga patakaran sa pinansiya na nagtutulak sa aming magkaroon ng magandang katayuang pampinansiya, kabilang ang mga minimum target para sa aming mga reserba sa pinansiya. Sa kasamaang palad, hindi namin nakaya ang epekto ng tagtuyot. Kailangan ang drought surcharge para masigurado na kaya naming matugunan ang aming mga gastusin at mapanatili ang responsableng antas ng reserba sa pinansiya.

Bakit 5%?

Ang drought surcharge ay tuwirang kaugnay ng porsentahe ng konserbasyon ng tubig na hiniling sa aming mga customer. Dahil sa patuloy na tagtuyot, hinihiling ng SFPUC sa aming mga retail customer na gumamit ng 5% mas kaunting tubig, na magpapababa nang 5% sa aming kita.

Gaano katagal na lilitaw sa bill namin ang drought surcharge?

Magpapatuloy ang mga surcharge hanggang sa mawala na ang tagtuyot. Ipinatupad ng SFPUC Commission ang Water Shortage Emergency, na humantong sa drought surcharge. Matatapos ang Emergency at ang Surcharge kapag nagpasya ang Commission na tapusin na ang mga ito.

Nagkakaproblema ba kayo sa pagbabayad ng inyong bill sa water/wastewater?

Puwedeng kuwalipikado kayo para sa aming customer assistance program na makakabigay ng tulong sa inyong bill sa tubig at wastewater, kasama ang diskuwento sa drought surcharge. Para malaman ang higit pa, bumisita sa [sfpuc.org/CAPWater](https://www.sfpuc.org/CAPWater) o para sa mga tanong, pakitawagan ang aming Mga Serbisyo sa Customer sa (415) 551-3000, Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 5pm maliban sa mga holiday.

Maipapasa ba ang mga ito sa mga nagrerenta?

Ilang bahagi lamang ng pagtaas sa singil sa tubig ang maipapasa sa mga nagrerenta sang-ayon sa mga tuntunin na aprobado sa 2002 Proposition A ng San Francisco. Para sa kasalukuyang piskal na taon (Hulyo 2021 to June hanggang Hunyo 2022), ang maipapasang halaga ay \$3.00/ccf. Ang 5% surcharge ay mailalapat din sa halagang maipapasa, ibig sabihin na sa Abril 1, 2022, maipapasa ng mga landlord ang 5% drought surcharge kaya pinapahintulutan ang pagpasa ng \$3.15/ ccf (centum cubic feet; 1 CCF = 748 galon ng tubig) sa mga nagrerenta kada buwan.

Ang pagpapalit ba ng nagrerenta ay makakaapekto sa 5%?

Oo, depende kung tumaas o bumaba ang **pagkonsumo** dahil sa pagbabago ng nagrerenta.

May Mga Tanong ba Kayo?

Pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Customer sa (415) 551-3000, Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 5pm maliban kapag mga holiday, o mag-email sa amin sa customerservice@sfgwater.org.

Salamat sa pagiging matipid sa tubig! Makakaya nating harapin ang tagtuyot nang magkasama.